


## Pagsusuri para sa colon cancer gamit ang Cologuard®



**cologuard®**  
by EXACT SCIENCES

Ang Cologuard ay nilayon upang suriin ang mga adultong 45 taong gulang at pataas na katamtamang nanganganib para sa colorectal cancer. Rx lamang.

Pakitingnan ang Impormasyon sa Mahalagang Panganib sa likod ng brochure.

## Pangasiwaan ang iyong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapasuri para sa colon cancer

Naapektuhan ng colon cancer ang lahat ng lahi, kasarian, at mga etnisidad<sup>1</sup>

**Ika-3**

Ito ang pangatlong pinaka-karaniwan cancer sa kalalakihan at kababaihan, at kadalasang itinuturing na pinaka-maiiwasan, ngunit hindi napipigilan, na uri ng kanser<sup>2,5</sup>

**45+**

At dahil mataas ang bilang ng colon cancer sa mga taong 50 pababa, inirerekumenda na ngayon ng American Cancer Society na simulan ang pagsuri sa edad 45<sup>3</sup>

**90%**

Tandaan ang patnubay na ito. Dahil kapag natukoy sa maagang yugto, ang colon cancer ay magagamot sa humigit-kumulang 90%\* ng mga tao<sup>4</sup>

Ito ang dahilan kung bakit dapat maging parte ng iyong mga regular na pagpapatingin ang napapanahong pagpapasuri!

\*Batay sa 5-taong pagiging ligtas.

## Pag-unawa sa iyong mga resulta

Ibibigay sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong resulta sa loob ng 2 linggo pagkatapos matanggap ang sample sa laboratoryo

Tandaan, sinusuri ng Cologuard ang **mga binagong DNA** at **dugo** sa iyong dumi, para ang iyong mga resulta babatay sa mga marker na iyon<sup>5</sup>



Ang isang negatibong resulta ay nangangahulugan na hindi natukoy ng pagsusuri ang mga potensyal na senyales na ito. Malabong magkaroon ka ng colorectal cancer<sup>5,6</sup>



Ang isang positibong resulta ay nangangahulugan na natukoy ng pagsusuri ang mga potensyal na senyales na ito. Mahalagang malaman na ang isang positibong resulta ay **hindi** katulad ng isang cancer diagnosis<sup>5</sup>

Nangyayari ang mga maling positibo at negatibo, kaya mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang talakayin ang mga susunod na hakbang<sup>5</sup>


**Gusto mo ba ng karagdagang impormasyon? Bisitahin ang [Cologuard.com/UnderstandingResults](https://cologuard.com/UnderstandingResults) upang makakuha ng karagdagang detalye at panuorin ang aming mga video**

## Ang Cologuard ay madaling gamitin at **mura**

Ang Cologuard ay sinasaklaw ng Medicare at ng karamihan sa mga malalaking insurer. Karamihan sa mga insured na pasyente ay nagbabayad ng **\$0\***<sup>6</sup>

Sa buong bansa, mahigit **94%** ng mga pasyente ng Cologuard na walang gastos mula sa sariling balsa para sa pagsusuri\*<sup>6</sup>

\*Kamakailang pagtatantya ng Exact Sciences batay sa kasaysayan sa bill ng pasyente.



**Matuto ng higit pa** tungkol sa insurance sa pamamagitan ng pagbisita sa **[Cologuard.com/insurance](https://cologuard.com/insurance)**

Matutulungan ka naming makipag-ugnayan sa iyong insurer upang maitanong ang tamang mga tanong. Tawagan kami sa **1-844-870-8870**



## Punitin ang **paalalang ito** upang makatulong sa iyo sa pagbabalik ng iyong Cologuard kit

at ilagay ito sa lugar kung saan mo karaniwang itinatago ang mga paalala — gaya ng iyong banyo o refrigerator.



**Tumawag sa**  
**1-844-870-8870\***  
o **Live Chat** sa  
**Cologuard.com**

**Panuorin ang**  
**video na Kung**  
**Paano Gagamitin sa**  
**Cologuard.com/use**

\*Available ang mga serbisyo ng interpreter sa +200 na mga wika

**Ibalik ang iyong kit nang hindi tatagal sa:**



## Paano **gamitin** ang iyong Cologuard kit



Kapag natanggap mo na ang iyong kit, buksan ito at suriin ang kalakip na Patient Guide



Ilagay ang collection container sa bracket ng banyo



Ilagay ang dumi sa collection container



Kuskusin ang iyong sample gamit ang tubo



Idagdag ang preservative sa collection container



Siguraduhing punan ang parehong label



Ngayon, ibalik ang shipping box sa UPS®. Tingnan ang susunod na pahina ng brochure na ito para sa mahalagang impormasyon sa pagpapadala

## Pagpapadala ng iyong **Cologuard** kit

**Gamitin ang prepaid UPS® label upang ipadala ang kit pabalik sa Exact Sciences Laboratories sa parehong araw o sa susunod na araw pagkatapos ng pagkolekta**

Tiyaking hindi maaantala ng Linggo o holiday ang iyong pagpapadala ng sample

**Maaari kang pumili sa dalawang walang bayad na pagpipilian sa pagpapadala:**

### **Opsyon 1:**

Mag-schedule ng isang UPS pickup online sa **Cologuard.com/UPS** o tumawag sa **1-844-870-8870** para sa tulong

### **Opsyon 2:**

Dalhin ang kit sa UPS. Bisitahin ang **Cologuard.com/UPS** upang makahanap ng mga lokal na opsyon at mga oras ng paghahatid

## Mga Indikasyon at Mahalagang Impormasyon sa Panganib

Ang Cologuard ay nilayon upang suriin ang mga adultong 45 taong gulang at pataas na katamtamang nanganganib para sa colorectal cancer sa pamamagitan ng pagtukoy ng ilang mga DNA marker at dugo sa dumi. Huwag gamitin kung mayroon kang mga adenoma, may inflammatory bowel disease at ilang mga hereditary syndrome, o isang personal o family history ng colorectal cancer. Hindi pinapalitan ng Cologuard ang colonoscopy sa mga pasyenteng may mataas na panganib. Ang pagganap ng Cologuard sa mga adultong 45-49 ay tinatantya batay sa isang malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng 50 pataas.

Ang resulta ng pagsubok sa Cologuard ay dapat bigyang-kahulugan nang may pag-iingat. Ang isang positibong resulta ng pagsusuri ay hindi nagpapatunay sa pagkakaroon ng kanser. Ang mga pasyente na may positibong resulta ng pagsusuri ay dapat i-refer para sa colonoscopy. Ang isang negatibong resulta ng pagsusuri ay hindi nagpapatunay na walang kanser. Ang mga pasyente na may negatibong resulta ng pagsusuri ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor kapag kailangan nilang masuri muli. Maaaring mangyari ang mga maling positibo at maling negatibong resulta. Sa isang klinikal na pag-aaral, 13% ng mga taong walang cancer ang nakatanggap ng positibong resulta (false positive) at 8% ng mga taong may cancer ay nakatanggap ng negatibong resulta (false negative). Rx lamang.

### **Mga sanggunian:**

1. Henley SJ, Ward EM, Scott S, et al. Taunang ulat sa bansa sa katayuan ng kanser, bahagi I: pambansang istatistika ng kanser. *Cancer*. 2020;126(10):2225-2249. 2. National Cancer Institute. Genetics of colorectal cancer (PDQ®) - health professional version. Na-access noong Setyembre 26, 2022. <https://www.cancer.gov/types/colorectal/hp/colorectal-genetics-pdq> 3. Wolf AMD, Fontham ETH, Church TR, et al. Pagsusuri ng colorectal cancer para sa mga adultong may katamtamang panganib: 2018 guideline update mula sa American Cancer Society. *CA Cancer J Clin*. 2018;68(4):250-281. 4. National Cancer Institute. Cancer stat facts: colorectal cancer . Na-access noong Setyembre 26, 2022. [https:// seer.cancer.gov/statfacts/html/colorect.html](https://seer.cancer.gov/statfacts/html/colorect.html) 5. Exact Sciences. 2022. Brochure ng Pasyente ng Cologuard. 6. Exact Sciences. 2022. Data sa file.

**EXACT SCIENCES**

**cologuard®**  
Rx only

EXACT SCIENCES CORPORATION  
5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719  
ExactSciences.com | ExactLabs.com | 1-844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong trademark ng Exact Sciences Corporation. Ang iba pang trademark ay pagmamay-ari ng kani-kanilang mga may-ari.

© 2022 Exact Sciences Corporation. Reserbado lahat ng karapatan. M-US-CG-03800